

1

“Gabi na pala.”

Hindi man lang namalayan ni Irish na dumilim na dahil walang mga bintana sa second floor ng library. Isa siyang school assistant at trabaho niya ang mag-ayos ng mga libro araw-araw matapos ang klase niya. Madalas ay inaabot siya ng alas cinco ng hapon pero dahil panahon ng projects sa school ngayon, maraming estudyante ang gumamit ng library.

Naramdaman niyang pumapatak na ang ulan, kaya pumasok siya sa loob ng Commerce Building na malapit sa library at naisipang doon na muna magpatila ng ulan. Napansin niyang may lalaking nakaupo sa gilid, ngunit hindi na niya ito tiningnan pa.

“S’abi sa *Twitter* account ng *DOST*, aabutin pa ’yang ulan ng isang oras. Might as well get yourself comfortable,” anang lalaki.

Hindi niya ito pinansin. Gusto na niyang makauwi sa dormitoryong inuupahan niya. Maglalaba pa siya ng uniporme niya at magre-review pa para sa exam niya kinabukasan.

Kung bakit naman kasi inabutan pa siya ng ulan!

“Suit yourself,” usal pa rin ng lalaki sa likuran niya.

Matapos ang ilang minuto, napansin ni Irish na mukhang tama nga ang lalaki. Mukhang hindi titigil ang ulan bagkus ay

palakas pa iyon nang palakas. Kilala pa namang binabaha ang kanilang universidad.

“P’wede bang malaman kung anong oras na?” tanong niya sa lalaki. Pagharap niya rito ay nagulat pa siya nang makilala kung sino ito. “Atom?”

Tumango ito sa kanya. “Past seven na,” sagot nito.

Si Atom Sandoval ay ang pinakasikat na varsity basketball player sa buong campus. Isa itong heartthrob. Ito rin ay kaklase niya sa ilang subjects at kagrupo niya sa thesis na malapit na nilang simulan.

Sa dinami-rami naman ng puwedeng makasama niyang stranded nang dahil sa ulan, ito pang heartthrob player ng campus talaga!

“Thanks,” aniya. Umupo na siya sa gilid malapit dito.

“Kaklase kita sa Sociology, right?”

Tumango siya. “Classmates din tayo sa iba pang subjects saka groupmates tayo sa thesis.”

“Irish, tama ba?”

Nagulat ang dalaga. Kilala siya nito! Parang may kung anong saya ang nadama niya. “Oo. Irish Santos.”

“Atom,” pakilala nito sa sarili. Nakangiti ito sa kanya at lumapit nang kaunti sa kinauupuan niya. “Matagal pa siguro

'yang ulan na 'yan. Sana huwag bumaha."

"Bakit nandito ka pa? Parang tayong dalawa na lang ang tao rito. Kahit si Manong Guard ay umuwi na rin yata."

Nagkibit-balikat ito. "I don't feel like going home yet so naisip kong maglakad-lakad kaso inabutan ako ng ulan. Nauna lang akong sumilong dito nang ilang segundo sa 'yo." Nakatitig ito sa kanya. "Ikaw, bakit nandito ka pa?"

"SA ako, student assistant. Sa library ako naka-assign. Maraming nag-library ngayong araw na 'to, kaya late ako natapos."

"Mahirap bang maging SA?"

"Hindi naman. Minsan wala rin gaanong ginagawa. 'Yun nga lang late ako nakakauwi kapag may meeting o katulad ngayon na maraming nag-library."

"I can't imagine myself studying and working at the same time," anito na tila nag-iisip nang malalim. "Playing basketball is something else. It's something I love to do. Pero sa totoo lang, hirap pa rin akong pagsabayin ang academics at varsity."

Nagkibit-balikat si Irish. "Wala naman kasi akong choice, Atom. Kung hindi ako magiging SA, hindi ko kayang mag-aral dito sa university na 'to. Actually, kahit saang university pa. Wala kasing magpapaaral sa akin."

"Nasaan ang parents mo?" kunot-noong tanong ng binata.

“Wala na sila pareho. Namatay si Nanay sa sakit na cancer n’ung nasa high school ako. After two years lang ay sumunod na rin si Tatay. Atake sa puso naman. Eighteen lang ako n’ung maging orphan.

“Kinupkop ako sandali ng tiyuhin ko, nakababatang kapatid ng nanay ko. Pero may pamilya na kasi siya at nakikita kong hirap sila na madagdagan ng isa pang pakakainin, kaya ako na ang nagkusang umalis. Gumawa ako ng paraan na makaluwas ng Maynila at mag-apply ng scholarship sa mga kilalang universidad. Pinalad akong makapasa rito.”

Nakatitig sa kanya si Atom at kita niya ang awa sa mga mata nito. Namula siya sa hiya. Hindi niya alam kung bakit nagkuwento siya ng buhay niya sa isang estranghero at kay Atom pa, of all people!

“Pasensya ka na, ang daldal ko,” ani Irish sa nahihiyang tinig.

“Hey, it’s okay,” tugon nito. “Now, I get it why you look so sad. It’s there in your eyes. Wala ka na palang pamilyang maituturing. Nag-iisa kang anak?” Tumango lamang siya. “I still have my parents. They are both very busy with their respective careers. Dad is a lawyer, Mom is a surgeon. I have two older brothers and one younger sister. My brothers are both in law school. I am expected to follow suit. Ang sister ko naman is focused on ballet. She’s dreaming of becoming the next Lisa Macuja raw. But I bet it’s my parents feeding her that dream!”

Puno ng bitterness ang tono ni Atom. Hindi makapaniwala si Irish na ang Atom na kausap niya ay ang Atom Sandoval na star varsity basketball player at heartthrob ng buong campus. At nag-o-open up ito sa isang tulad niyang simpleng nilalang lamang!

“Ayaw mong maging lawyer tulad ng dad at mga kuya mo?”

He laughed mirthlessly. “Lawyer? I don’t even like this course I am taking right now. Accountancy? So that I can be a CPA-lawyer in the future?”

Lumapit siya rito hanggang nagtatama na ang kanilang mga tuhod. Tumingin ito sa kanya at ngumiti nang malungkot.

“Ano ba ang gusto mong kunin dapat?”

“Sa totoo lang, Irish, hindi ko rin alam. Simula pa kasi mga bata kami ay ’yan na ang sinasabi sa amin ng Dad. ‘You should become lawyers like me or else I will disown you!’ ” Napailing ito. “Tatawa siya pero nakatanim na sa isip namin ng mga kuya ko na maaaring itakwil niya nga kami kung hindi kami magiging lawyers like him.”

Hinawakan ng dalaga sa braso ang kausap at wala sa loob na hinagod iyon. “Iba-iba rin kasi ng paraan ang mga magulang natin ng pagpapakita ng pagmamahal. Siguro gusto ng dad mo na maging maayos ang future ninyo ng mga kuya mo, and the only way he knows how it will happen is if you become a lawyer din tulad niya. Nakita na niya kung paano kumita ang isang abogado at p’wede niya kayong tulongang umasenso sa propesyon

na 'yun.” Nginitian niya ito nang matamis. “Mas okay na 'yang ganyang sitwasyon mo, at least, may parents ka pa ring kasama kahit na sobrang busy nila. Malungkot ang walang magulang at kapatid.”

Hinawakan ni Atom ang kamay niyang nakapatong sa braso nito. Pinisil nito iyon habang nakatitig sa kanya. May kung anong kuryente ang tila dumaloy mula sa pinagsugpong na mga kamay nila tungo sa puso ng dalaga.

“Thanks, Irish! Ikaw pa lang ang nasasabihan ko ng hinanakit ko sa parents ko aside from my best friends. 'Yung dalawang mokong na 'yun walang sinabi kundi ‘Suck it up, bro! Sayang ang mana!’ Buti ka pa may sense kausap.”

Nagtawanan silang dalawa.

“Saan ka umuuwi pala?”

Naglalakad na sila sa labas ng Commerce Building. Tumila na ang ulan. Iilan na lang silang naglalakad sa loob ng campus.

“Malapit lang ako rito, sa isang dorm diyan,” aniya. “So, paano, mauna na ako, Atom,” paalam niya rito. “May exam pa bukas sa Sociology, eh.”

Napangiwi ito. “Talaga? Pakopya na lang, p'wede?” biro nito. “Dinner na muna tayo. Treat ko dahil sa matiyaga mong pakikinig sa rants ko,” yakag nito.

Biglang nilukuban ng hiya si Irish. Iba iyong silang dalawa

lang kanina. Iba iyong may makakita sa kanilang dalawa. Masaya na siyang 'invisible' sa campus. Okay na siyang mamuhay na isang simpleng estudyante lamang. Kapag nakita siyang kasama ni Atom, siguradong mag-iiba ang buhay niya. At kahit gustung-gusto pa niya itong makasama, mas mabuti na ang bumalik na siya sa realidad. Interlude lamang ng buhay niya ang nangyari kanina sa building.

“Pass na muna ako, Atom,” aniya. “Late na baka saraduhan na ako sa dorm.”

Tumango lamang ang lalaki at ngumiti. “Okay. Ingat!” anito, sabay talikod na upang maglakad palayo.

May kung anong kurot sa puso ang naramdaman ni Irish nang pagmasdan itong palayo sa kanya. Miss na niya ito agad.

Nagulat pa si Atom nang mapansin niya ang sarili sa salamin. Nakangiti siya! Sa unang pagkakataon, nakangiti siyang haharap sa mga magulang niya para mag-agahan.

“Good morning!” masayang bati niya sa lahat.

Nakita niyang tumaas ang kilay ng bunso niyang kapatid na si Ally. Nagkatinginan din ang kanyang mga magulang, pati na rin ang mga kuya niya.

Umupo na siya at nagsimulang kumain. Ganado siyang kumain dahil may exams siya sa dalawang subjects. At dahil

masaya siya, hindi na niya susuriin pa kung ano ang ibang dahilan ng magaan niyang pakiramdam. Basta masaya siya. Period!

“Did you hit your head or something?” pambubuska ng Kuya Ardy niya. Ito ang panganay sa kanilang apat na magkakapatid at siyang pinaka-alaskador. “You are smiling, my dear baby brother!”

Nginitian lang niya ito at binelatan.

“Did you just stick your tongue out, Atom?” horrified na tanong ng Kuya Anton niya, ang sinundan niyang kapatid at pinakaseryoso sa kanilang lahat. “What are you, twelve?”

Nakitawa siya sa lahat. Nakita niyang curious ang parents niya at amused sa pagiging masaya niya. Maiba man lang kaysa sa karaniwang indifference nila sa kanya.

“Kuya Atom, pakilala mo siya sa amin, ha.” Si Ally, umandar na naman ang instinct. “O kahit sa akin muna mamaya sa school?”

Umiling lang siya. “I don’t know what you’re talking about, Ally,” tanggi niya. Nang maisip si Irish, napangiti siya.

“Liar!” buska ng kapatid. “I’ll find out, anyway, so don’t bother.” Tumawa ito nang nakakaloko.

“Find out the name of the sad one who made him smile,” anang Kuya Anton niya.

“Then, tell us about the girl, Al,” segunda ng Kuya Ardy niya.

Atom just rolled his eyes at nagpaalam na para papasok sa

school.

Napapailing pa rin siya habang naglalakad sa campus hall. Napapailing na napapangiti. He couldn't stop the damn smiles! *Kasalanan ito ni Irish*, sabi ng isip niya. *She's making me smile too damn much!*

Hindi niya maisip kung paano ang isang ulilang tulad ng babae ay napakapositibo pa rin ang paningin sa buhay. She made him realize so many things lalo na ang pagtrato niya sa kanyang mga magulang at mga kapatid. In a very short span of time, ilang oras lang nga, napaisip siya nito.

“Hey, watch out!”

Bigla siyang natauhan. Naglalakad pala siya na di nakatingin sa nilalakaran niya! Muntik na niyang mabunggo ang Queen Bee ng Accountancy. Si Ella Alano, ang pep squad leader ng university, ang babaeng panay pahaging na gusto siya.

He mumbled a quick apology at tuluy-tuloy na naglakad na. Hindi na siya nagulat nang sumabay ito sa kanya.

“Kailan ang susunod na game, Atom?”

He rolled his eyes. Alam ni Ella ang schedule ng games dahil iyon din ang schedule nito sa pep squad. Hindi siya sumagot sa tanong nito, hoping she would get the hint. Wala siyang interes dito. Masyado itong self-absorbed na tao at hindi niya gusto ang pagiging wild nito.

“Check the bulletin board,” aniya. Nagmadali na siya para maiwan ito. He was relieved nang hindi na ito sumunod pa.

Hindi ugali ni Atom na mambastos ng babae, pero naiinis siya sa mga masyadong liberated na tulad ni Ella. Halos ilang buwan na rin siya nitong ‘nililigawan’. Wala itong tigil sa pagsunod sa kanya, bigla na lang sumusulpot kung nasaan siya. Panay rin ang pagpapa-cute nito, pero wala talaga itong dating sa kanya. Maganda ito, matangkad at balingkinitan. Maraming lalaki ang may gusto rito pero hindi siya kasama roon.

Nasa loob na ng classroom ang dalawang mokong niyang matalik na kaibigan at bago siya umupo sa tabi nila, tumingin muna siya sa paligid. Wala pa si Irish.

“May practice raw mamaya, s’abi ni Coach Eric,” ani Jack. Kababata niya ito at anak ng best friend ng mom niya. Si Hans naman ay pinsan niya sa father side. Anak ito ng kuya ng dad niya. Kababata niya rin ito at madalas na sa kanila nakikikain simula noon hanggang sa kasalukuyan.

“Sino ba ’yang nililingon mo?”

“Si Irish,” tugon niya. “She’s my thesis-mate and I need to talk to her about it.”

“Irish?” sabay na tanong ng dalawa.

Siyang pasok naman ng babaeng pinag-uusapan nila. Nagmamadali itong pumunta sa upuan nito at nagbukas ng

notebook. Baka hindi ito natapos mag-review. Atom got up and approached her seat.

“Hi,” bati niya rito. Ngumiti ito nang magtama ang mga paningin nila. May kung anong humaplos sa puso niya sa ngiting ibinigay nito sa kanya. *She really is lovely*, sabi ng isipan niya. “Nakauwi ka ba nang maayos kagabi?”

“Oo. Malapit lang naman ang dorm ko rito. Ikaw?”

“Okay rin lang. Nakapag-review ka?”

Umiling ito. “Naglaba ako pag-uwi ko. Kaya ngayon pa lang ako nagbabasa.”

“Nag-review ako. Gusto mo pakopyahin na lang kita,” biro niya. Nagtawanan sila.

“Man, prof is here,” tawag sa kanya ni Hans. “Hi, Irish!” bati nito sa kausap. Napakunot ang noo ni Atom. Nag-‘hi’ rin ang kumag na si Jack. Ngumiti lang nang tipid ang dalaga. Nang tumingin ito sa kanya, abot-mata na ang ngiti nito. Napangiti na uli siya.

Hindi na siya bumalik sa dati niyang upuan. Umupo si Atom sa vacant seat sa tabi ng dalaga. Marami siyang maliliit na bagay na napansin dito tulad ng magandang penmanship nito, ang malinis nitong mga kuko na sobrang turn on sa kanya, at ang nunal nito sa bandang baba nito. Brown ang kulay ng lagpas-balikat na buhok ni Irish kapag tinatamaan ng araw. At gusto niya

na hindi ito skinny na tulad ng maraming babae ngayon. Tama lang ang pangangatawan nito.

Hindi niya alam kung ano ang mga sagot niya sa exam nila at wala siyang pakialam! Mas interesting ang mga panakaw niyang tingin sa katabi. She's the most fascinating person for him!

"Irish, sa library ka uli mamaya?" tanong niya rito matapos ang exam nila at nasa corridor na sila. Tumango ito. "May practice kami later. Siguro late na rin matatapos. Maybe I'll see you after?"

"Hindi ko alam kung anong oras matatapos ang library duties ko, 'tapos may meeting kaming mga student assistants ng seven p.m."

Atom felt disappointed. Pakiramdam niya ay hindi ito interesado sa kanya. Tumango na lang siya bago nagpaalam dito.

"Okay, I'll see you around then," aniya bago hinabol ang mga kaibigan.